# Saklaw ng Medicare ang bakuna para sa COVID-19

Saklaw ng Medicare ang orihinal na bakuna para sa coronavirus disease 2019 (COVID-19) at ang updated na bakuna nang wala kang babayaran. Tina-target ng updated na bakuna ang orihinal na viral strain ng COVID-19 at ang 2 variant ng  Omicron (BA.4/BA.5).

Puwede mong makuha ang updated na bakuna mula sa parehong tagagawa ng bakuna para sa COVID-19 kung saan mo nakuha ang iyong orihinal na iniksyon, o piliing kumuha nito mula sa ibang tagagawa.

Kung Pfizer o Moderna ang nakuha mong bakuna para sa COVID-19, puwede kang kumuha ng updated na iniksyon nang hindi bababa sa 5 buwan pagkatapos mong makumpleto ang iyong pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna na serye ng bakuna para sa COVID-19. Kung Johnson & Johnson ang iyong bakuna para sa COVID-19, puwede kang makakuha ng updated na iniksyon nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos mong makuha ang iyong unang iniksyon.

- Dalhin ang iyong pula, puti, at asul na kard ng Medicare, kahit pa nakapag-enroll ka na sa Medicare Advantage Plan. Kakailanganin ng iyong provider ang iyong Numero ng Medicare upang masingil ang Medicare.
- Bisitahin ang Medicare.gov para sa higit pang impormasyon sa pagsaklaw ng Medicare sa bakuna para sa COVID-19 at iba pang kaugnay na serbisyo.
- Bisitahin ang CDC.gov/coronavirus para sa impormasyon sa mga bakuna at mga hakbang na pwede mong gawin upang panatilihing ligtas ang iyong sarili at ang ibang tao mula sa COVID-19.

This product was produced at U.S taxpayer expense.

CMS Product No. 12118-T (Tagalog)
October 2022